DEP ED CENTRAL LIBRARY

# Karapatan Mo, Alamin Mo




**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project (ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Karapatan Mo, Alamin Mo

**Karapatang-Ari 1998**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**

Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000
*Sama-Sama sa DECS*

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

***Mahal kong Mag-aaral,***

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program.* Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

E-Mail Address:
OSEC@SKYINET.NET

**"Together Let Us Build This Nation Through Education"**


Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

Andrew Gonzalez

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
*Kalihim*



## Tungkol Saan ang Modyul Na Ito?

Alam mo ba na lahat tayo ay may pantay-pantay na karapatan? Alam mo rin ba na ang bawat karapatan ay may kasamang responsibilidad?

Mahalaga na malaman mo ang iyong mga karapatan. Sa gayon, mas makasisiguro ka na natatamasa mo ang mga ito. Sabi nga ng isang batikang abogado, "Kapag may katwiran, ipaglaban mo."

Sa modyul na ito, tatalakayin natin ang ilang mga karapatang pantao. Nahahati sa tatlong aralin ang modyul:

Aralin 1 : *Karapatan sa Edukasyon*

Aralin 2 : *Karapatan ng mga Kababaihan*

Aralin 3 : *Karapatang Sibil at Politikal*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo?

Iyong malalaman sa modyul na ito ang iba't ibang karapatan mo.

Ang mga pagsasanay at ang mga halimbawa ay tutulong sa iyo upang maintindihan ang mga karapatang ito.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang magkakaroon ka ng kamalayan sa iyong mga karapatan. Inaasahang lubusan mong magagamit ang kamalayang ito sa iyong pang-araw-araw na buhay.



## Alam Mo Ba?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan upang malaman kung ano na ang alam mo sa mga paksang tatalakayin dito.

Piliin kung alin sa mga sumusunod ang iyong mga karapatan. Markahan ng tsek (✓) ang KARAPATAN at ekis (×) ang DI-KARAPATAN.

Halimbawa:

__✓__ 1. Ang bawat mamamayan ay may karapatan na magkaroon ng pamilya nang may nag-aalaga sa kanila.

__×__ 2. Ang bawat mamamayan ay may karapatang magnakaw upang yumaman.

KARAPATAN ang unang pangungusap kaya may tsek (✓). DI-KARAPATAN ang ikalawang pangungusap kaya may ekis (×).

_____ 1. Ang bawat mamamayan ay may karapatan sa hustong pagkain at tubig.

_____ 2. Ang lahat ay may karapatang mag-trabaho o maghanapbuhay.

_____ 3. Ang bawat mamamayan ay may karapatan sa libreng edukasyon.

_____ 4. Karapatan ng bawat mamamayan na gumamit ng ipinagbabawal na gamot o magtulak nito.

_____ 5. Karapatan ng bawat mamamayang trabahador o empleyado na tumanggap ng sahod kahit hindi naaayon sa batas.

_____ 6. Ang bawat mamamayan na nagkasala sa batas ay hindi dapat bigyan ng kaukulang parusa.

_____ 7. Kasama sa mga karapatang pantao ang pumili ng relihiyon na gusto niya.

_____ 8. Karapatan ng bawat bata na mabigyan ng proteksyon laban sa lahat ng uri ng pagpapabaya, pagmamalupit at pagsasamantala.

_____ 9. Karapatan ng bawat mamamayan na mabuhay nang malaya at ligtas sa kapahamakan.

_____ 10. Ang lahat ay may karapatang magkaroon ng ari-arian.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 21.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan ang modyul upang maintindihan ang paksa nito.

Ilipat sa susunod na pahina para sa unang aralin.

## ARALIN 1

# Karapatan Sa Edukasyon

## Basahin

### Ang Pagbabalik ni Rod

Namangha si Rod sa dami ng taong pumunta sa kanilang bahay. Ipinaghanda siya ng kanyang mga kapatid at kaibigan ng isang *party* para sa kanyang pagdating mula sa isang tanyag na unibersidad sa Maynila. Maraming palamuti at dekorasyon sa harap ng kanilang pintuan. Akmang bubuksan niya ang pinto nang…

"Kuya Rod, maligayang pagbabalik!" sabi ni Estrella, ang sumunod na kapatid ni Rod.

Isang matangkad at magandang lalaki ang tumambad sa harapan ng lahat. Magara ang suot nitong puting polo na pinarisan ng kulay abong amerikana at pantalon.

"Pare, *congratulations*! Isa ka nang ganap na abogado." Pagbati ni Ernesto sa matalik na kaibigan. "Muntik na kitang hindi makilala. Ang ganda mong lalaki, tsong."

"Salamat pare, salamat sa inyong lahat. Alam ninyong hindi ko matatapos ang aking pag-aaral kung wala ang inyong suporta at tulong," tugon ni Rod habang nakayakap sa kanya ang kapatid niyang si Estrella.

Gabi na nang matapos ang kasayahan. Umuwi na ang ilan sa mga bisita, maliban kina Ernesto at mga magulang nitong sina Mang Rading at Aling Cleo.

"Ngayong abogado ka na, iho, ano ang balak mong gawin? Luluwas ka ba agad ng Maynila?" tanong ni Mang Rading.

"Tatay Rading, matagal ko pong hinintay ang panahong ito na makauwi sa probinsiya at makatulong sa ating mga kababayan. Magbabakasyon po muna ako rito nang dalawang linggo at pagkatapos, luluwas ako ng Maynila para tanggapin ang premyo na ibibigay sa akin ng eskuwelahan ko. Babalik po uli ako dito sa atin para gamitin ang aking pagka-abogado," paliwanag ni Rod sa matanda.

Pumasok si Ernesto. "Naku, narinig ko 'yon. Siguradong luluwas tayo sa Maynila para tanggapin ang gantimpala mo, di ba? Sabihin mo lang, pare at sasama kaming mag-anak," sabi ni Ernesto.

"Siyempre naman, kasama kayo. Malaki ang utang na loob naming magkapatid sa inyo, lalo na po sa inyo, Tatay Rading at Nanay Cleo. Simula nang maulila kami ni Estrella, kayo na ang tumayong mga magulang namin. Ikaw naman pare, parang kapatid ka na namin."

"Ito namang si Rod, malaki rin ang utang na loob ko sa iyo. Kung hindi mo naimulat si Itay sa kahalagahan ng edukasyon, hindi sana ako nag-aaral sa kolehiyo ngayon," sagot naman ni Ernesto.

"Siyanga naman Rod. Dahil na rin sa aming kahirapan at sa daming magkakapatid nina Ernesto, akala ko'y hindi ko na sila kayang pag-aralin sa kolehiyo. Panganay ko si Ernesto, kaya naisip ko na mas mabuting tumulong na lang siya sa akin sa pagsasaka ng aming bukid. At dahil nga sa pang-eengganyo mo kay Erning, pati ang mga kapatid niya ay nagsisikap na ring makapagtapos," sabi ni Mang Rading na nangingilid ang luha.

"Di bale pare, huling semestre ko na ito sa kolehiyo. Malay mo, sa susunod na taon isa na akong ganap na inhinyero," sambit ni Ernesto.

"Di malayo 'yon, pare. Para ano't naging iskolar ka ng gobyerno. Bilib ako sa iyo, eh" wika ni Rod. Tumayo ang huli at tinapik ang balikat ng kaibigan.

Ipinaliwanag din ni Rod ang ginagawang tulong ng gobyerno kaya natapos niya ang abogasya.

"Maraming naitulong ang programang libreng edukasyon ng pamahalaan. Nakaragdag din ang determinasyon kong makapagtapos. At dahil nga sa pagsisikap ko, gumanda ang mga grado ko at nakakuha pa ako ng *scholarship* sa U.P.," paliwanag ni Rod.

"Pare, ako man, pag ganap na akong inhinyero, magpapatayo ako ng maraming gusali rito sa atin. Gagawin kong Maynila ang San Jose!" pagyayabang ni Ernesto.

"Teka, teka, mukhang pabagyuhan na rito, ah? Tayo na muna sa kusina at kumain. Kuya Rod, Kuya Erning, gutom lang 'yan," pabirong sabi ni Estrella.

Sa pagbabalik ni Rod, napatunayan niya sa lahat na ang edukasyon ang susi sa tagumpay.

## ? Sagutin Mo

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Tungkol saan ang kuwento?

   a. Ang magkaibigan na matagal nang hindi nagkikita.

   b. Kahalagahan ng edukasyon.

   c. Ang pagiging abogado ni Rod at ang nalalapit na pagtatapos ni Ernesto bilang inhinyero.

2. Anong karapatan ang itinuturo ng kuwento?

   a. Karapatan ng bawat mamamayan na mabigyan ng tamang edukasyon.

   b. Karapatan ng bawat mamamayan na makakain tamang oras.

   c. Karapatan ng bawat mamamayan na makapag-trabaho o maghanapbuhay.

   d. Karapatan ng bawat mamamayan na makapamuhay nang maayos.

3. Bakit mahalaga ang edukasyon sa bawat tao, ayon sa kuwentong ito?

   a. Ang edukasyon ang susi sa tagumpay.

   b. Kapag nakapag-aral ka, maaari kang magtrabaho sa opisina.

   c. Higit na iginagalang ang mga may pinag-aralan kaysa sa mga walang pinag-aralan.

   d. Madaling makahanap ng trabaho kapag may tinapos kang kurso.

4. Ayon pa rin sa kuwento, ano ang dahilan kung bakit muntik nang hindi makatapos si Ernesto ng *high school*?

   a. Ayaw pag-aralin si Ernesto ng kanyang ama.

   b. Marami silang magkakapatid. Hindi sila kayang pag-aralin nang sabay-sabay.

   c. Masyadong malayo ang paaralan sa kanilang lugar.

   d. Walang hilig sa pag-aaral si Ernesto.


5. Ano ang kursong tinapos ni Rod?

    a. Medisina
    b. Inhinyeriya
    c. Abogasya

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 22. Kung tama ang iyong mga sagot, binabati kita. Marahil, alam mo na ngayon ang kahalagahan ng edukasyon.



## Gawin Mo




Ituon mo ang iyong pansin sa larawan at suriin mo itong mabuti.

Sagutin ang mga katanungan tungkol sa larawan.

Halimbawa:

Ano sa palagay mo ang mga panganib na kasangkot sa ganitong mga trabaho?

Ang mga batang nakalarawan ay maaaring malulong sa mga masasamang bisyo gaya ng droga at paglalasing. Malamang na maging biktima sila ng prostitusyon.

1. Sa iyong palagay, bakit marami sa mga kabataan ngayon ang napipilitang magtrabaho?

______________________________________________

2. Sa palagay mo, may panahon pa bang mag-aral ang mga batang nakalarawan?

______________________________________________

3. Anong karapatan ang hindi natatamasa ng mga kabataang napipilitang magtrabaho sa murang edad?

______________________________________________

4. Naniniwala ka ba na ang taong hindi nakapag-aral noong kabataan niya ay maaaring maging suliranin o pabigat sa lipunan pagtanda nito? Sa anong paraan?

______________________________________________

5. May alam ka bang programa na libreng edukasyon na ibinibigay o ibinigay ng gobyerno o ng mga pribadong organisasyon upang matulungan ang sinumang may nais na makapag-aral? Magbigay ng halimbawa.

______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 22 ng modyul na ito.

Ngayon ay tapos ka na sa Aralin 1. Upang lubusan mong maunawaan ang itinuro ng araling ito, basahin ang *Tandaan* sa susunod na pahina at pagkatapos ay sagutan ang sumusunod na pagsasanay.

## Tandaan

1. Karapatan ng bawat bata ang mabigyan ng edukasyon.

   Ang pagiging mahirap ay hindi hadlang sa pagtugon sa karapatang ito. Karapatan niyang makapag-aral nang libre.

2. Karapatan ng bawat bata ang makapamuhay nang maayos, magkaroon ng sapat na pagkain, matugunan ang mga pangangailangan, at mabigyan ng kasuotan at maayos na tirahan.

   Responsibilidad ng mga magulang, mahirap man o mayaman, na ibigay sa mga anak ang lahat ng kanilang mga pangangailangan.

3. Karapatan ng bawat bata na mabigyan ng proteksyon laban sa lahat ng uri ng pagpapabaya, pagmamalupit at pagsasamantala.

   Nalalabag ang karapatan niya kung pipilitin siyang magtrabaho, lalo na ng gawaing mapanganib sa kanya.



## Subukin ang Sarili

Punan ang mga puwang ng nararapat na sagot. Mamili sa mga salita sa kahon na nasa ibaba kung ano ang makabubuo ng talata.

| | | |
|---|---|---|
| mangarap | makapag-aral | prostitusyon |
| magtrabaho | droga | maglaro |

**Mga Karapatan ng Kabataan**

Bata man ay may karapatan din.

Karapatan nila ang (1) __________ para malibang at lubusang malasap ang kanilang kabataan. Subalit sa panahon ngayon, marami sa kanila ang tinatanggalan ng karapatang ito. Sa halip, sila'y pinagtatrabaho.

Dahil sa kahirapan, pinipilit silang (2)__________ ng kanilang mga magulang. Dahil dito, hindi na sila (3) __________. Kung magpapatuloy ang ganitong sitwasyon, baka manatili silang mangmang o walang kaalaman.

Sa kanilang pagtatrabaho, nalalapit din sila sa panganib ng (4) __________ dahil sa mga mapagsamantalang tao. Malaki rin ang posibilidad na malulong sila sa (5) __________.

Kailan kaya nila mababawi at muling malalasap ang kanilang mga karapatan?

Para sa kasagutan sa natapos na pagsasanay, tingnan ang *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 23.

# ARALIN 2

# Karapatan ng mga Kababaihan

Sa araling ito, inaasahang mauunawaan mo ang mga karapatan ng mga kababaihan.

Inaasahan ding malalaman mo ang pantay na karapatan ng mga kababaihan at mga kalalakihan.



## Basahin Mo

**"Dahil Ako'y Babae Lamang"**

Si Elena ay kasalukuyang nakikipagpanayam sa may-ari ng isang gasolinahan sa Novaliches, kung saan gusto niyang mamasukan bilang "*gasoline girl.*"

Ginoong Perez (ang may-ari): Patawad, Bb. Cortez. Hindi kita puwedeng tanggapin kasi panlalaki ang trabahong ito.

Elena : Pero Sir, kayang-kaya ko po ang trabahong ito. Sanay po ako sa mga gawaing panlalaki. Kahit po pagmemekaniko o pagmamaneho ay kaya ko. Nagdaan po ako sa *Trade Testing* sa TESDA.

Ginoong Perez: Pasensya ka na. Panlalaki lang talaga ang trabahong ito. Mabuti pa, magtanong ka sa iba. Malay mo, tumatanggap sila ng mga babae para sa trabahong gusto mo.

## Sagutin Mo

1. Tungkol saan ang kuwento?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

2. Bakit hindi natanggap sa trabaho si Elena?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

3. Sa palagay mo, may mga trabaho ba na hindi kayang gawin ng mga babae? Ipaliwanag.

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

4. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Elena, ano ang gagawin mo? Bakit?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

5. Ano sa palagay mo ang dahilan o mga dahilan kung bakit may diskriminasyon sa mga babae sa lipunan?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

6. Magbigay ka ng mga karapatan ng mga kababaihan na malimit na ipinagkakait ng ating lipunan.

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 23.

## Tandaan

1. Karapatan ng kababaihan ang magkaroon ng pantay na oportunidad sa pagkuha ng trabaho. Hindi dapat gawing basehan sa pagtanggap sa trabaho ang kasarian o kapansanan ng isang tao.

2. Karapatan ng kababaihan na mabigyan ng promosyon sa kanyang trabaho.

   Pinatutunayan ng karapatang ito na maaari silang manguna sa anumang larangan.

3. Karapatan ng kababaihan na maging ligtas sa anumang karahasan gaya ng prostitusyon, panggagahasa, pambubugbog, at iba pa.

4. Karapatan ng mga kababaihan na mabigyan ng sapat na nutrisyon at maayos na kalusugan para maging kapaki-pakinabang na mamamayan.

5. Karapatan ng mga kababaihan ang mabigyan ng sapat na edukasyon.

6. Karapatan ng kababaihan na makapanganak nang maayos. Dahil dito, itinatadhana ng batas na 60 araw ang maaaring iliban niya sa trabaho para sa panganganak.



## Subukin ang Sarili

Isulat kung **Tama** o **Mali** ang mga sumusunod na pangungusap.

_______ 1. Ang isang kompanya ng konstruksyon ay di-dapat tumatanggap ng empleyadong babae.

_______ 2. Dapat lang na sinasaktan ang mga asawang babae na bungangera.

_______ 3. Laging nasa huling ranggo o posisyon ang mga babae sa pagpupulis o pagsusundalo.

_______ 4. Ang mga kababaihan ay pantahanan lamang.

_______ 5. Binibigyan ng sapat na karapatan ang mga babae na magkamit ng hustisya o katarungan.

_______ 6. Ang mga babae ang pinakamababang uri ng kasarian.

_______ 7. Maaaring kumandidato ang mga babae sa pulitika.

_______ 8. Marami nang mga Pilipina ngayon ang nangunguna sa larangan ng palakasan, agham, pelikula at pulitika.

_______ 9. Ang isang tunay na Pilipina ay sunud-sunuran sa kanyang asawa o katipan.

_______ 10. May karapatan ang mga babae na maipahayag ang kanilang damdamin at gawin ang anumang naisin nila.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 24.

# ARALIN 3


# Karapatang Sibil At Politikal

Sa araling ito, inaasahang matututuhan mo ang iyong mga karapatang sibil at politikal. Bukod dito, inaasahang magiging mulat ka sa mga responsibilidad na kasama ng mga karapatang ito.

## Basahin Mo

### Mahalaga ang Boto Ko

Mayo 11, araw ng halalan para sa mga lokal na opisyal. Si Hector ay kasalukuyang nakapila sa labas ng Presinto 12 upang bumoto.



## Sagutin Mo

Base sa larawan na iyong nakita at sa usapang nabasa, sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Kung ang tao ay may karapatang bumoto, may karapatan din ba siyang ipagbili ang kanyang boto?

   Oo ________ Wala ________

2. Ano ang mangyayari kung maraming tao ang magbibili ng kanilang boto?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Sa palagay mo, anong responsibilidad ang kaakibat ng karapatang bumoto?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa Susi sa Pagwawasto sa pahina 24. Kung nasagutan mo ang lahat ng tanong, binabati kita. Marahil ay alam mo na ang kahalagahan ng pagboto.

## Tandaan

Ang bawat karapatan ay may katapat na responsibilidad. Binigyan ang tao ng karapatang bumoto kaya responsibilidad naman niyang pangalagaan at bigyang-halaga ito.

Dito nagtatapos ang talakayan sa modyul, kaibigan. Inaasahang marami kang natutunan tungkol sa mga karapatang pantao katulad ng mga karapatan ng mga bata at kababaihan at ang mga karapatang sibil at politikal.

Alalahanin mo na ang mga ito ay ilan lamang sa iyong mga karapatan. Maliban sa kanila, may karapatan ka ring:

- pumili ng iyong sariling relihiyon at malayang manampalataya ayon dito;
- magkaroon ng iyong sariling opinyon at sabihin o ipahayag ito; at
- maipagtanggol ang iyong sarili at mabigyan ng serbisyong abogasya kung sakaling ikaw ay mapagbintangan ng isang krimen.

Ang mga karapatang ito, at marami pang ibang tulad nila, ay nasasaad sa ating Konstitusyon o Saligang Batas. Lahat ng Pilipino ay pantay-pantay at dapat tumatamasa sa mga karapatang nabanggit, sila man ay mahirap o mayaman, babae o lalaki, mangmang o edukado. Kaya't nararapat lamang na ipinaglalaban natin ang ating mga karapatang pantao.



## Alam Mo Na Ba?

Isulat kung **Tama** o **Mali** ang mga pahayag sa ibaba.

______ 1. Karapatan ng bawat tao na mabigyan ng edukasyon.

______ 2. May karapatan ang bawat tao na ipagbili ang kanyang boto.

______ 3. Karapatan ng bawat bata na pumasok sa kahit anong trabaho na gusto nila.

______ 4. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng libreng edukasyon para sa mga karapat-dapat.

______ 5. Ang bawat isa ay malayang pumili ng relihiyon o pananampalataya na kanyang paniniwalaan at susundin.

______ 6. Karapatan ng mamamayan ang pumili nang wasto kung sino ang dapat na iboto.

______ 7. Ang bawat karapatan ng tao ay may katapat na responsibilidad.

______ 8. Hindi tama na tumanggap ng babae para sa trabahong panlalaki lamang.

______ 9. Dapat bigyan ng proteksyon ang lahat ng kabataan laban sa pang-aabuso at pagmamaltrato.

______ 10. Kapag napagbintangan ng isang krimen, ang isang mahirap ay diretsong makukulong nang matagal.

Ihambing mo ang iyong sagot sa *Susi sa Pagwawasto* sa pahina 25.

Kung ang nakuha mo ay:

0 - 2 Kailangang ulitin mo ang pag-aaral ng buong modyul.

3 - 5 Balik-aralan mo ang bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan.

6 - 8 Magaling! Balikan mo na lang ang hindi mo pa nakuha nang tama.

9 - 10 Napakagaling! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE., PASIG CITY

## Susi sa Pagwawasto

### A. Alam Mo Ba? *(pahina 1)*

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ×
5. ×
6. ×
7. ✓
8. ✓
9. ✓
10. ✓

### B. Aralin 1

*Sagutin Mo (pahina 6)*

1. b
2. a
3. a
4. b
5. c

*Gawin Mo (pahina 9)*

1. Ang mga sumusunod ay ilan sa dahilan kung bakit marami sa mga kabataan natin ang napipilitang magtrabaho at hindi na nakakapag-aral:
   a. Kahirapan
   b. Ulila sa mga magulang
   c. Malayo ang eskwelahan sa tirahan
   d. Walang sasakyan papuntang eskwelahan
   e. Ayaw silang paaralin ng kanilang mga magulang dahil pinatutulong na lamang sa kanilang kabuhayan o negosyo

f. Sadyang mahina ang ulo

g. May kapansanan o sakitin

2. Wala na dahil nauubos ito sa pagtatrabaho.

3. Karapatang makapag-aral at mabigyan ng tamang edukasyon. (Walang maling sagot sa tanong na ito sapagkat opinyon ng estudyante ang hinihingi rito.)

4. Oo, dahil maaari siyang maging pulubi, iskwater o taong palaboy. Maaari rin siyang maging kriminal dahil wala siyang alam na matinong pagkakakitaan. (Maaaring magbigay ng iba pang sagot.)

5. Maaari ang anumang sagot.

*Subukin ang Sarili (pahina 12)*

1. maglaro
2. magtrabaho
3. makapag-aral
4. prostitusyon
5. droga o bisyo

*Sagutin Mo (pahina 14)*

1. Ang kuwento ay tungkol sa isang babae na gustong magtrabaho sa isang istasyon ng gasolina bilang "gasoline girl."

2. Hindi siya tinanggap dahil panlalaki raw ang trabaho sa gasolinahan.

3. Ang sagot ay magdedepende sa opinyon ng mag-aaral.

4. Sa ibang gasolinahan na lang ako mag-a*apply*. Kung hindi pa ako natanggap doon, ibang trabaho na lang ang papasukan ko. (Maaaring magbigay ng iba pang sagot ang mag-aaral.)

5. Mga dahilan kung bakit may diskriminasyon sa mga babae:
   - malawakang paniniwala na mas may kakayahan ang mga lalaki kaysa mga babae
   - lipunang "macho"
   - pag-iisip na ang babae ay "pambahay" lamang
6. Mga karapatang ipinagkait sa mga kababaihan:
   - karapatan na pumasok sa anumang trabaho na gustuhin
   - karapatan na pumili ng mapapangasawa
   - karapatan na tumulong sa pagdedesisyon
   - karapatan na magsabi ng opinyon

*Subukin ang Sarili (pahina 16)*

1. Mali
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

*Sagutin Mo (pahina 18)*

1. Wala. Hindi tama na ipagbili ang boto dahil lang sa pera. Binigyan ang tao ng karapatang bumoto kaya dapat lang na bigyang halaga niya ito.
2. Malalagay sa tungkulin ang mga taong hindi naman karapat-dapat at walang sinseridad na magsilbi sa mga mamamayan. Ang mga mayayaman lang ang mananalo sa mga eleksyon.

3. Kaakibat na responsibilidad ng karapatang bumoto:

- iboto ang mga karapat-dapat at may tunay na hangaring magsilbi sa tao.
- gamitin at ipahayag ito tuwing araw ng eleksyon.
- bigyang halaga at huwag ipamigay o ipagbili ang boto.

## C. Alam Mo Na Ba? *(pahina 20)*

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Tama |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Mali | 8. Mali |
| 4. Tama | 9. Tama |
| 5. Tama | 10. Mali |